Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**

Setyembre 10, 2025

Para sa: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID
Puno ng mga Paaralang Elementarya ng Sta. Maria
Tagamasid Pampurok ng Sta. Maria (East,Central & West)
Rotary Club of Mutya ng Sta. Maria
At iba pang Kinauukulan

Ipinagbibigay alam na ang Tanggapang Pansangay sa ilalim ng **PROJECT TUNOG : UNANG HAKBANG SA PAGBASA** ay magkakaroon ng Kolaborasyon sa **Rotary Club of Mutya ng Santa Maria** sa pamamagitan ng **Project LAKBAY ( Mobile Reading Hub)** na gaganapin sa mga paaralan ng tatlong Distrito ng Santa Maria simula Setyembre 15 -Nobyembre 29, 2025 na may nakatalagang petsa at oras sa bawat paaralan.

Ang magpapabasa sa mga batang hindi pa rin sapat ang masteri sa tunog at letra ay mga Pandistritong Tagapayo sa Filipino na may nakatalagang petsa Sa bawat isa.

Ang layunin ng gawain ay ang sumusunod:

a. mapagtuunan ng pansin ang mga batang di pa rin naging sapat ang masteri sa pagkilala sa letra at tunog ng mga ito;
b. maikintal sa puso at isipan ng mga bata ang kahalagahan at pagmamahal sa pagbasa at
c. malinang sa mga mag-aaral ang iba't ibang lebel ng komprehensyon ( Key stage 2).

Ang kalatas na ito ay magsisilbing Liham Pahintulot sa Paglalakbay ng lahat ng kasangkot sa proyekto.

Inaasahan ang pakikiisa ng lahat ng kasama sa gawaing ito.

**CECILIA E. VALDERAMA, PhD**
Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Namumuno, Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan

**LIHAM PANSANGAY**
Blg. 95, s. 2025